Transport for NSW

# Kaligtasan sa daan




## Mga tawiran na pambata at may namamahala (supervised crossings)

Para sa kaligtasan ng iyong anak, napakahalaga na palagi siyang gumagamit ng pedestrian crossing kung mayroon man. Ito ang pinakaligtas na lugar para tawirin ang daan.

Sa lahat ng mga tawiran, dapat kang maghintay sa footpath, na hindi bababa sa isang hakbang na paurong mula sa gilid ng daan.

**Mga tawiran na may namamahala (supervised crossings)**

Kung mayroong School Crossing Supervisor, maghintay hanggang napatigil na niya ang trapiko at sinenyasan ka na tumawid.

Kung nagmamaneho ka, hindi ka dapat magpatuloy hangga't ang hawak na karatula ng School Crossing Supervisor ay ipinapakita, o hanggang sinenyasan ka ng crossing supervisor na maaari ka nang magpatuloy sa tawiran.

**Mga tawiran ng mga bata (children's crossings)**

Ang mga tawiran ng mga bata ay kadalasang mga part-time na mga tawiran na pinapairal bago at pagkatapos ng mga oras ng paaralan. Maaari ring pairalin ang mga ito sa ibang mga oras kapag ginagamit ng mga bata ang tawiran para sa mga iskursiyon o sa oras ng mga break. Kapag nakalagay ang mga bandilang 'Children Crossing', dapat kang huminto sa puting linya kapag ang mga pedestrian ay naghihintay na tumawid. Dapat manatiling nakatigil ang mga nagmamaneho hanggang wala ng mga pedestrian sa tawiran.




**Natututunan ng mga bata ang mga ligtas na paggamit ng daan mula sa iyo at maipagpapatuloy ang mga ito kapag nasa hustong gulang na sila para makapaglakbay nang mag-isa.**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapanatili ng kaligtasan ng mga bata sa daan, bisitahin ang seksyong pampamilya sa **safetytown.com.au**

Stock code 45095196 June 2024 © Transport for NSW

NSW GOVERNMENT

Masyadong marami ang nasasawi sa mga daan ng NSW.
**Ang ating layunin ay zero.**

TOWARDS ZERO